

**Kung makita mo
ang isang scam ...**

sabihin sa isang tao
Pagkatapos ay
sabihin sa **FTC**

ftc.gov/complaint
1-877-FTC-HELP
(1-877-382-4357)

Kung makakakita ka
ng scam, iulat ito sa
ftc.gov/complaint.

Tinutulungan ng mga
ulat mo ang **FTC** at iba
pang nagpapatupad ng
batas na imbestigahan
ang mga scam at mahuli
ang mga manloloko.

10

bagay na
magagawa
mo para
**MAIWASAN
ANG
PANLOLOKO**




FEDERAL TRADE COMMISSION
July 2016

1 Kilalanin ang mga nagpapanggap.

Kadalasang nagkukunwari ang mga scammer [nanlilinlang] na isang taong mapagkakatiwalaan mo, tulad ng isang opisyal ng pamahalaan, kapamilya, charity [nagkakawang-gawa] o isang kumpanyang nakikipag-negosyo ka. Huwag magpadala ng pera o magbigay ng personal na impormasyon bilang pagtugon sa isang hindi inaasahang kahilingan — manggagaling man ito sa isang text, tawag sa telepono o isang email.

2 Maghanap online.

Mag-type ng pangalan ng kumpanya o produkto sa paborito mong search engine kasama ang mga salitang katulad ng “review,” “complaint” o “scam.” O maghanap ng mga pariralang naglalarawan sa iyong sitwasyon, tulad ng “IRS call.” Maaari mo ring hanapin ang mga numero ng telepono upang makita kung inulat ng ibang tao ang mga ito bilang mga scam.



3 Huwag maniwala sa iyong caller ID.

Dahil sa teknolohiya, nagiging madali sa mga scammer na mameke ng impormasyon sa caller ID, kaya ang pangalan at numerong nakikita mo ay hindi parating tunay. Kung mayroong tatawag na hihingi ng pera o personal na impormasyon, mag-hang-up. Kung sa palagay mong nagsasabi ng totoo ang tumatawag, tawagan muli ang isang numerong alam mong tunay.

4 Huwag magbayad nang nauuna para sa isang pangako.

Maaaring hilingin sa iyo ng isang tao na magbayad nang nauuna para sa mga bagay na katulad ng tulong sa utang (debt relief), mga alok ng utang, tulong sa mortgage, o isang trabaho. Baka sabihin din nila na nanalo ka ng premyo, pero kailangan mo munang magbayad ng mga buwis o singil. Kung gagawin mo ito, malamang kunin nila ang pera at mawawala sila. Alamin kung saan makakahingi ng tunay na tulong para sa mga bagay na ito sa consumer.ftc.gov.



5 Isaalang-alang kung paano ka magbabayad.

May kalakip ang mga credit card ng mahalagang proteksyon sa panloloko, pero wala ang ilang mga paraan ng pagbabayad. Ang pagpapadala ng pera sa pamamagitan ng mga serbisyong tulad ng Western Union o MoneyGram ay mapanganib dahil halos imposibleng makuha mo muli ang iyong pera. Totoo rin ito sa mga card na maaaring lagyan muli ng load tulad ng MoneyPak, Reloadit o Vanilla. Hindi hihilingin sa iyo ang mga tanggapan ng pamahalaan at mga matapat na kumpanya na gamitin ang mga paraan ng pagbabayad na ito.

6 Makipag-usap sa isang tao.

Bago mo ibigay ang iyong pera o personal na impormasyon, makipag-usap sa isang taong pinagkakatiwalaan mo. Gusto ng mga manloloko na magmadali kang magdesisyon. Maaari ka rin nilang bantaan. Magdahan-dahan, imbestigahin ang kuwento, maghanap online, kumonsulta sa isang eksperto — o sabihin man lang sa isang kaibigan.

7 Mag-hang-up sa mga robocall.

Kung sasagutin mo ang telepono at makakarinig ng isang ni-record na panghihikayat na bumili, mag-hang-up at iulat ito sa FTC. Labag sa batas ang tawag na ito at kadalasan peke ang mga produkto. Huwag pindutin ang 1 upang makipag-usap sa isang tao o upang alisin sa listahan. Maaari humantong iyon sa mas maraming tawag.

8 Magduda sa mga alok ng libreng pagsubok.

Gumagamit ang ilang mga kumpanya ng mga libreng pagsubok upang i-sign up ka para sa mga produkto at sisingilin ka buwan-buwan hanggang sa kanselahin mo iyon. Bago ka pumayag sa libreng pagsubok, saliksikin ang kumpanya at basahin ang patakaran sa pagkansela. At palaging suriin ang iyong mga statement buwan-buwan para sa mga singil na hindi mo nakikilala.

9 Huwag magdeposito ng tseke at magpadala ng pera pabalik.

Ayon sa batas, kailangang gawing ng mga bangko na makukuha ang mga pondo mula sa mga idinepositong tseke sa loob ng ilang araw, pero maaaring abutin nang ilang linggo bago malaman ang pekeng tseke. Kung peke ang idedeposito mong tseke, ikaw ang mananagot na magbayad sa bangko.

10 Sumali sa mga libreng alerto sa scam mula sa FTC sa ftc.gov/scams.

Kumuha ng mga pinakabagong mungkahin at payo tungkol sa mga scam na ipapadala mismo sa iyong inbox.

